# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 11, 2022, LUNES, IKA-10:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | .... | Kagawad |

RELEASED NAME 4.25.22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By 25 APR 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 272-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 020-T2022 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 001-T2022 NA MAY KABUUANG HALAGANG P120,909.49 MULA SA NATIRANG PONDO (SURPLUS) NG TAONG 2021 UPANG ILAAN PARA SA PRODUCTIVITY ENHANCEMENT INCENTIVES (P55,000.00); REPAIR AND MAINTENANCE – BUILDING AND OTHER STRUCTURES (P50,000.00) AT GASOLINE EXPENSES (P15,909.49) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Bubukal na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 020-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 001-T2022 na may kabuuang halagang P120,909.49 mula sa Natirang Pondo (Surplus) ng taong 2021 upang ilaan para sa Productivity Enhancement Incentives (P55,000.00); Repair and Maintenance – Building and Other Structures (P50,000.00) at Gasoline Expenses (P15,909.49) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Mark Anthony P. Joven at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 020-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 001-T2022 na may kabuuang halagang P120,909.49 mula sa Natirang Pondo (Surplus) ng taong 2021 upang ilaan para sa Productivity Enhancement Incentives (P55,000.00); Repair and Maintenance – Building and Other Structures (P50,000.00) at Gasoline Expenses (P15,909.49) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 11, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
4/21/22